# Panimulang Pagsusuri sa Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata: Isang Meta-Dokumentasyon

**R. B. ABIVA**
rbabivamvgallego@gmail.com
Manuel V. Gallego Foundation Colleges

## ABSTRAK

Itinatampok sa papel na ito ang halaga ng pagpopook at pagpapakahulugan sa ilang mga piling tula na nakapaloob sa *Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà (2023)*. Sa ganang ito, kinasangkapan ng mananaliksik ang isang matapat, lapat sa lupa, at makatotohanang sosyo-historikal na pampanitikang kritisismo. Bahagi ng ginawang paghihimay sa buong libro ang pag-uugnay sa naging gawain sa ekstensiyon ng Manuel V. Gallego *Foundation Colleges* (MVGFC) sa Talipapa *Elementary School* (TES), Barangay Talipapa, Siyudad ng Cabanatuan, Nueva Ecija.

Ginamit sosyo-historikal na lente upang masipat, masuri, at masiyasat ang mga tula na lagpas sa panuntunan ng kumbensiyonal na pagsusuri sa panitikan, sa tula bilang genre, at sa teksto bilang turnilyo ng/sa talinghaga at pananalinghaga. Hindi lamang ito malikhain kundi politikal din na pagbasa sa buong proyekto sapagkat ang pagkakaroon ng loob at labas ay patunay lamang na maging sa panitikan ay may usapin ng representasyon at re-presentasyon sa espasyo at panahon. Ang palihan naman ay integratibong pamamaraan kung saan kasama sa buong proyekto ang mga piling mag-aaral at fakulti ng MVGFC *High School Department* at *Institute of Teacher Education*. Ang kolaboratibong pedagohiyang ito ang siyang sandigan upang umiral ang batas ng pag-unlad sa buong pagpoproseso at proseso ng palihan. Panghuli, sinisiyasat ng papel na ito ang pagpopook at pagpapakahulugan sa gamit at halaga ng palihan bilang epektibong lunsaran ng diskurso at malikhaing produksiyon.

Diskursibo sa madaling sabi ang papel na ito sapagkat kinakatawan nito ang hindi pasibong preliminaryong pagsusuri sa buong libro sapagkat tampok dito ang kilos at galaw ng kapangyarihan lagpas sa itinakda ng mga teksto sa loob ng mga tula. Nasasapul at sinasapul ng proyektong ito ang pagtatampok sa kakayahan ng mga bata sa paglikha ng isang bagong anyo ng pagpopook at pagpapakahulugan sa loob ng kanilang espasyo at panahon. Sa pamamagitan ng kolektibong paglikha, muli nilang inaangkin ang isang larangan at kanilang sama-samang itinatanghal ang bagong anyo ng paglikha ng/sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pananalinghaga gamit ang sining ng pagtula.

***Mga Susing-Salita:*** *Palihan; Gahum; Malikhaing Pagsulat; Pampanitikang Kritisismo*

## ABSTRACT

This paper examines the value of conscientization, interpretation, and understanding in selected poems included in Talipapa: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà (2023). The researcher used genuine grounded, and truthful socio-historical literary criticism. Part of the analysis in the entire book involves relating it to the extension work of Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) at Talipapa Elementary School (TES) in Cabanatuan City, Nueva Ecija.

Socio-historical was employed to examine, analyze, and investigate the poems beyond the confines of conventional literary analysis, looking at poetry as a genre and text as a tool of metaphor. This is not only a creative but also a political reading of the entire project, as the interior and exterior dimensions demonstrate that even in literature, there are issues of representation and re-presentation within space and time. Workshop has integrated as a method of the whole project that includes selected students and faculty of MVGFC High School Department and Institute of Teacher Education. This collaboration served as a pedagogy and as a basis in the whole process of development and workshop. Lastly, this paper explores the interpretation and understanding of the use and value of workshops as effective platforms for discourse and creative production.

In essence, this paper is discursive as it represents a non-passive preliminary examination of the entire book, highlighting the actions and movements of power beyond what the texts within the poems dictate. This engagement captures and is captured by the highlighting of children's capacity to create a new form of conscientization and interpretation within their own space and time. Through collective creation, they reclaim a field and collectively present a new form of empowering creation through metaphor.



***Keywords:*** *Workshop; Hegemony; Creative Writing; Literary Criticism*


## MAIKLING PANIMULA

Ang panitikang pambata ng Pilipinas ay nagsisilbing plataporma para sa representasyon ng mga paniniwala at pagpapahalaga ng lipunan sa loob ng mahabang panahon. Ginagamit ito upang pagtibayin o hamunin ang mga ideal ng kolonyalismo sa pamamagitan ng wika at mga kagamitang pampanitikan. Hinaharap naman ng *genre* na ito ang mga hamon sa pag-abot sa mga target na mambabasa dahil sa mga tagapamagitan at kontekstong pang-ekonomiya, gayundin ang *cross-marketing* ayon kay Evasco (107). Nagiging daan naman ito upang talakayin pang lalo ang mga kahulugan ng *genre* sa *science fiction* para sa mga batang mambabasa at isalamin ang mga ideolohiya ukol sa kakayahan, karapatan, at halaga ng mga batang Pilipino sa lipunan lalong-lalo na ang mga nasa liblib na bahagi ng kanayunan gaya ng Barangay Talipapa.

Kaya, sa iba't ibang panahon at genre, ang panitikang pambata ng Pilipinas ay naging isang dinamiko at mahalagang kasangkapan para sa pagpapahayag ng kultura, edukasyon, at komentaryong panlipunan. Ito ay humuhubog sa mga naratibong nakakaimpluwensya sa mga kabataan at nag-aambag sa mas malawak na tanawin ng panitikan kahit pa, ayon muli kay Evasco, nadodominahan din ng dating (*affect*) ang mga aklat pambata kaya mahirap itong madekonstrukta o kritikal na masuri dahil sa impluwensiya ng magulang na bumasa. (107)

Ang lahat ng mga naunang nabanggit ay hinggil sa kapangyarihan, na sa ganang akin ay nagdudulot ng mga suliraning mauugat sa usapin ng kapangyarihan. Tinatanggap man o hindi, ang panitikang pambata ay nagagamit sa pagpapanatili ng umiiral na estruktura ng lipunan. Tingnan na lamang ang mga napapanood ngayon sa kasalukuyan. Gayunpaman, isang malaking hamon na gamitin ang palihan upang makalikha ng isang aklat pambata bilang kasangkapan para sa pagbabagong panlipunan lalo na sa kanayunan at isama na rito ang musmos na pananalinghaga ng mga batang walang pagsasanay sa pagsulat ng tula, na kung tutuusin ay kontra sa namamayaning ideolohiya at gahum na. Isa marahil sa mga patunay nito ang pinupunto ni Evasco hinggil sa patuloy na pagiging propesyonal at matatag nang mga pamantayan sa pagsulat, pagguhit, at maging ang pag-aaral at pagsusuri ng mga panitikan para sa bata. (107) Ang propesyonalisasyon, sa kabilang banda, ay bunsod marahil din ng panlipunang kontradiksiyon.

Marami nang nailabas na mga sanaysay na pumaksa sa pantikang pambata. Isa ay si Karen Coats na naglatag ng pananaw hinggil sa mga suliraning kinahaharap ng panitikang pambata sa kabuoan. Dinudulog ito madalas bilang nakapaloob sa popular at pedagohikal na pagsipat lamang. Ayon kay Evasco, naisasantabi tuloy ang pagsipat dito bilang anyong pampanitikan, kung kaya hindi ito nalalapatan ng mga kritikal na lente sa pagsusuri at pagpapahalaga. (107)

Sa pangkalahatan, lalo na sa kanayunan, partikular sa Nueva Ecija ay hindi pinapansin ang panitikang pambata maging sa mga palihan. Marahil sa kadahilanang malakas ang piyudal at konserbatibong trato sa mga bata. Habang sa kalunsuran ay patuloy ang tinatawag na espesyalisasyon sa larang na ito, lumilikha naman ito ng dibisyon sa pagitan ng mga nayon at lungsod. Ang bunga, dahil sa labis na pagkabangkarote ng kanayunan at pag-abante naman ng lungsod, unti-unti'y may paniniwala na rin ng pag-aakma batay sa edad ang panitikang ito. At dahil ang epektong pabor sa namamayaning kaayusan ang relasyon at kontradiksiyon ng nayon at lungsod, nagiging tapunan at tagatanggap na lamang ng ikalawa ng sobrang kalakal at pamantayan ang una.

Sa puntong ito, kailangang bigyang-diin ang pagbibigay sa pagkukuro, na sa pamamagitan ng palihan, ang indibidwal at kolektibong kasanayan, ang kalidad ng buhay, kilos, at pagkatuto sa sitwasyon bunsod ng suliranin at pangangailangan, na kung pagsasama-samahin lahat, ay humahantong sa isang natatanging porma ng kolektibismo. Ang mga salitang ito, kung susuriing maigi ng isang lingguwista halimbawa ay pawang mga salitang-kilos (*action word*) lamang ito pero maaaring taliwas para sa mga kritiko sa larangan ng sosyolohiya at diskursibong panitikan sapagkat sa post-kolonyal na pagsusuri at tradisyon, manipestasyon ang mga salitang ito ng/sa isang mas mataas na anyo ng diskurso hinggil sa kapangyarihan na maaaring sa indibidwal o sa buong pamayanan. Sa madaling sabi'y mga payak na akto na ito ng pagbalikwas kontra sa namamayaning piyudal na gahum sa kanayunan.

## ANG PROSESO

Sa papel na ito, itatanghal ang kuwento ng isang panlipunang eksperimento sa pagtuturo at pagkatutong isinagawa sa pamamagitan ng palihan o *workshop* sa Talipapa *Elementary School* sa Barangay Talipapa, Siyudad ng Cabanatuan mula Pebrero 6 hanggang Abril 24 kung saan aking mulat na ginamit ang palihan. Sa unang araw ay hinayaan ko munang magsulat ng tula ang mga mag-aaral na kalahok para sa layuning masuri at matasa nang mabuti ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng tula bago isagawa ang palihan (*needs assessment* ang tawag ng iba rito na kumbaga'y tinutukoy kung saan talaga nagmumula ang "sakit"). Sila rin mismo ang pumili ng paksang kanilang tatalakayin. Pagkatapos suriin ang kanilang kapasidad ay dito ko pa lamang sinimulan ang pagpopook ng metodong aking ginamit at nang sa gayo'y organikong umangkop ang antas ng teoretikong pag-aaral na aking ibinigay hinggil sa pagsulat ng tula. Ang pag-aangkop ay bahagi ng tinatawag na pagpopook kung saan layunin nitong gawing mas kapaki-pakinabang ang teorya sa pang-araw-araw na praktika. Ang sunod na hakbang ay ang pabibigay sa kanila ng pagkakataong kinisin ang kanilang mga akda sa pamamagitan ng paggamit at paglalapat ng ilan sa mga bahagi ng teorya na sa tingin nila'y kapaki-pakinabang sa kanilang tula at upang ito'y mas maging mahusay at umangat ang antas ng imahen, retorika, at anyo sa kabuoan.

Naglaan ng isang buong araw para maisagawa ang proseso ng palihan kung saan kolektibong sinuri ang akda ng bawat kalahok. Mas pinatingkad ng palihan ang kolektibong paglikha na mas nagbigay ng espasyo sa indibidwalidad na lumabas sa pisikal nitong lunan at lumahok sa tinatawag na kolektibismo. At para maging buo ang malikhain at malayang pedagohiya, ibinigay natin sa isang grupo ng mga kalahok na ang tuon ay sa paglikha ng dibuho at malaya rin nilang ginawa ang tinatawag na *conversion process* o muling pagsasatinig kung saan lumikha sila ng imahen na sa tingin nila ay akma sa mensahe ng tula. Naging kalahok din sa palihan ang mga piling mag-aaral at fakulti ng MVGFC *High School Department* at *Institute of Teacher Education.* Nang maipasok na ang mga mungkahing rebisyon mula sa kanilang antas ay akin nang hinawakan ang tungkulin ng pagiging punong-patnugot na siyang nagtiyak na mabuo ang isang buong manuskrito, nailapit ito sa pabliser, natiyak na magkakaroon ito ng sariling ISBN mula sa *National Library of the Philippines* (NLP), at natiyak na may isponsor na makakatulungan sa pinansiya at produksiyon.


Bahagi ng modelo ang pagbibigay ng pagkakataon para sa mga panlabas na salik gaya ng mga organisasyong pansibiko na maaaring makatuwang sa mga inilatag na layunin ng proyekto. Sa simpleng eksplanasyon, ito ang diyalektikang ugnayan ng loob at labas. Pinunan ng mga panlabas na salik ang malaking pangangailangan ng proyekto sa loob gaya ng mga sumusunod na samahang may kolektibong adbokasiya sa edukasyon at ayuda sa mga nangangailangang komunidad: *Order of the Knights of Rizal* - Cabanatuan at Naga *Chapter*, *Independent Order of Odd Fellows* - Nueva Ecija *Lodge No. 38* at Kafagway *Lodge No. 56*, Cabanatuan *City Masonic Lodge No. 53*, Palayan *City Masonic Lodge No. 331*, *Gran Masoneria Lohia Soberania*, *Knights of Phythias*, at Samahang Lazaro Francisco. At ang bunga ng kolektibisasyon na ito ay ang pagkakalimbag nga ng librong *Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà (2023)* na inilimbag ng 7 *Eyes Production* (OPC) na may ISBN 978-621-8184-47-2.

Nagamit nang buong kapakinabangan, sa madaling sabi ang kapangyarihan ng sining ng pagsulat ng tula at pagguhit ng imahen sa balangkas na buksan ang silid-aralan sa mundo o pamayanan na kinabibilangan ng mga bata, maiugnay ito sa kanila, at maibigay ang pinakamataas na kalayaan ng pagdalumat kung saan naging malaya ang mga mag-aaral na pumili ng sabjek para sa kanilang obra. At sa halip na maging tradisyonal na guro, ay nagsilbi lamang akong tagapagsuri sa mga lumabas na pangangailangan, tagapagpadaloy ng kaalaman, at tagatiyak na mapapahusay ang mga likha ng mga mag-aaral hanggang sa ito'y mailabas sa publiko bilang isang libro na maaaring magamit ng mga bata at guro sa elementarya para higit na maging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto at masukat ang pagiging epektibo nito sa kabilang banda. Kung gayon, masusukat lamang ang kapangyarihan ng isinagawang interbensiyon sa pamamagitan ng kolektibisasyon sa mga mag-aaral ng Talipapa *Elementary School* at iba pang organisasyon na nakasama sa buong proseso sa lundo ng pagtugon ng mga teksto at talinghaga sa espasyo at panahon.

## SALALAYAN SA/NG PAG(DA)DALUMAT

Ang pitong baitang ng demokratisadong pedagohiya ay isang malikhain at panimulang eksperimento na bago sa aming probinsiya. Ang pedagohiyang ito ay kritikal na kamalayan bilang isang paraan ng pagtutulak at pag-uudyok sa kamalayan na tunguhin ang realidad na sosyopolitikal at upang baguhin ito. Ang kaisipang pang-edukasyong ito ay nakatuon sa pagtuturo, pagkatuto, at paglikha sa mga

kalagayan ng sosyo-ekonomikong hindi pagkakapantay-pantay at sa paraan kung paano ang mga komunidad na nahaharap sa panlipunang pagkakabansag ay maaaring magsama-samang mangarap at magsikap upang baguhin ang mga kondisyon na nagdudulot sa kanila ng pighati na kanilang kinakaharap. Taliwas ito sa pangkaraniwang paraan ng edukasyon, na kaniyang inihahalintulad sa isang sistemang bángko na nagiging sanhi ng pagiging pasibo ng mga mag-aaral bilang tumatanggap lamang ng kaalaman. Sa sistemang ito, ang (mga) guro ay nagiging mga tagapag-iwan ng impormasyon sa mga mag-aaral na inaasahang susundan nila ito sa pamamagitan ng pagmememorya. Ang ganitong paraan ay nagdudulot ng pagkakahiwalay sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, na nagiging sanhi ng pagkawala ng kanilang pagkatao o *subjectivity*, dagdag pa ang kanilang pagiging atrasado.




Pigura 1. Ang Pitong Baitang ng Demokratisadong Pagtuturo, Pagkatuto, at Paglikha.

Ang edukasyon ay hindi maaaring maging *neutral*, at ito ay maaaring mapagpalaya o mang-api sa mga tao. Upang hindi maging kasangkapan sa pang-aapi, dapat magtatag ang edukasyon ng bagong ugnayan sa pagitan ng mga guro, mga mag-aaral, at lipunan. Dagdag pa, ang paggamit ng mga salitang pampolitika ay nagbibigay-daan sa diskusyon at nagpapahayag ng motibasyon sa mga mag-aaral upang maunawaan ang mga dinamismo ng kapangyarihan sa kanilang paligid.

Kung gayon, ang kritikal na kamalayan ay batay sa pagtanggap ng pantay na pagkakataon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro, na humahantong sa isang karanasan na kapuwa pareho silang nag-aaral sa ilalim ng isang karanasan at isang halimbawa nga ay ang palihan. Ito ang etika at moralidad ng edukasyon. Ito ay nagpapamalas ng kamalayan na kung tutuusin ay higit sa komun na alam ng lahat sapagkat labas sa mga estruktura ng kapangyarihan, kasama na ang kapangyarihan sa loob ng silid-aralan o yaong nakasanayang *superior* na posisyon ng guro at *inferior* na posisyon ng mag-aaral dahil ito ang isinasaad ng tradisyonal at kumbensiyonal na nakasanayan sa pagtuturo at pagkatuto na nagtataguyod sa mga hindi pinagkakalooban ng pribilehiyo na gamitin ang kalayaan at responsibilidad bilang mga ahente ng lipunan sa kabuoan at makapagluwal ng praktika na nakabatay sa demokratisasyon at pagiging malikhain na saklaw maging ang takbo at nilalaman ng pagtuturo at pagkatuto upang maipakita ang kanilang mga alalahanin/suliranin sa paraang maaaring lubhang magkaiba sa tradisyonal na pagtuturo at pagkatuto sa/ng isang inilapat na kurso at dahil nga ito sa umiiral na kapangyarihan sa loob ng silid-aralan.

Mahalaga ang pagtinging ito sapagkat ang layunin ng edukasyon ay magliwanag ng konsensiya ng tao at humubog ng isipan ng mga susunod na henerasyon sa buong kasaysayan. Ito ay may epekto sa ugnayan ng tao, komunidad, at lipunan. Ngunit dahil sa globalisasyon, nagbago ang pananaw ng mga tao at ang paraan ng kanilang pagtingin sa mundo, na nagdudulot ng mga pagbabago sa layunin, tungkulin, oryentasyon, at estruktura ng edukasyon. Ang pag-iral ng globalisasyon, halimbawa, ay lalong nagpapalaki sa dibisyon sa pagitan

ng *metropolitan* (bayan) at *peripheral* (nayon) na siyang nagluluwal naman sa tinatawag na diskurso sa kabilang banda.

## MGA MUSMOS NA MUSA, KAYA BA NILANG MAGSALITA?

Sa unang bahagi pa lamang ng librong *Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà* ay mababasa ang mensaheng ito ni Dr. Joseph L. Gallego[1]:

Ang librong Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà ay naglalaman ng mga malikhaing talento at artistikong ekspresyon ng mga mag-aaral sa Talipapa. Sinasalamin ng kanilang mga tula at sining kung paano nila binigyan at binibigyan ng kahulugan ang mundong kanilang ginagalawan. Ipinapasilip nila sa atin ang kanilang mundo – isang mundo kung saan puno ito ng kasiyahan at pag-asa sa hinaharap. (7)

Sa ganang aki'y dapat maglaro sa pagpopook ang dapat pagsipat sa mga piling tula sa librong *Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà* upang matumbok ang pagpapakahulugang nais ihayag ng mga batang madalas ay naisasantabi patunay ang testamento ni Dr. De Guzman na ang Talipapa *Elementary School* ay hindi pinapansin pero ngayon, hindi namin lubos akalain na may kakayahan silang maglabas o gumawa ng isang libro (2023).

Kung susuriing maigi ang pahayag ng opisyal ng DepEd ay litaw na litaw ang pamantayan ng metropolitanismo sa panitikan. Binabasa natin ang mga tula ayon sa antas ng tugmaan, antas ng kahusayan sa imahen, retorika, at anyo na pawang sa inabot na dibisyon ng Lungsod at Nayon at ayon na rin sa itinatakda ng merkadong gamit at halaga. Kaya, kung babasahin nga malamang ng mga makatang lungsod ang mga tula sa Talipapa ay hindi malayong bansagan nila itong mga tula sa kaparangan.

Subalit, taglay pa rin ng mga tula ang awtentisidad sapagkat sakop ng mga bata ang kinikulusang *terrain*, ang Barangay Talipapa. Mapagpasya ang pangyayaring ito sapagkat ang mga entidad na tinutukoy ng mga bata ay hindi lamang bunga ng kanilang malikot na imahinasyon kundi, gaya ng isang magsasaka ay dapat kongkretong nakatuntong sa lupa at nang sa gayon ay magkaroon ng masaganang ani. Dagdag pa'y usapin din ito ng karanasan. Kumbaga'y hindi kayang dayain ng isang matanda ang kamusmusan ng isang bata. Kadikit ng usapin sa pagiging awtentiko ang usapin sa edad ng manunulat at makata. Ito ang sinasabi ng persona sa librong *The Little Prince (1943)* ni Antoine de Saint Exupéry.

Sa limang taludturang tula na pinamagatang *Dahilan ng Pagpupuyat* ni Mary Luna T. De Guzman ay litaw na litaw ang epekto ng kosmopolitanismo kung saan ang nagsilbing antagonistikong karakter ang telepono na maaaring negatibong artepakto ng mapaniil na globalisasyon na simbayotiko ang manipestasyon ng pag-iral sa larangan ng espasyo at panahon. Masaklap pa'y organikong-organiko na pawang may sariling buhay ang globalisayon sa pamamagitan ng buhay nitong pagkain sa utak ng bawat batang gumagamit ng telepono, halimbawa ng *android phone*. At hindi ito maaaring itanggi sa inaabot na antas ng glokalisasyon sa lokalidad.

*Telepono, telepono*
*Napakaraming masamang epekto*
*Tulad na lamang ng di pagkain*
*Bakit? Sapagkat ang iyong utak*
*Ay tahimik niyang kinakain. (21)*

Sa tulang *Wika* ni Ronalyn M. Cruz na may apat na taludturang schema, tila mas malaking suliranin naman sa wika ang kaniyang nais tumbukin. Musmos ang personang nagsasalita sa tula at mapapansin ito sa unang saknong subalit mapapansin ang transgresyon sa ikalawang saknong kung saan ang persona ay maghahayag ng mulat na pagpapahalaga sa wikang namana sa dibdib ng kaniyang ina. Sa ikatlong saknong nama'y may diin nang pagkilos kaya't hindi nakapagtatakang tila may posisyon sa wika ang nagsasalitang persona.

*Nang mata ko ay namulat*
*At natuto sa pagsulat,*
*Aking lubos na ikinagulat*
*Ang wika sa larangan ng pag-uulat.*

*Wikang kinamulatan,*
*Aking unang natutuhan*
*Sa loob ng aming tahanan*
*Mula sa aking magulang.*

*At dahil nais kong matuto*
*Ng iba't ibang dayalekto,*
*Aking pinalawak nang husto*
*Ang kasanayan at pagkatuto.*

*Hanggang sa diwa'y nagising*
*Sa maraming hinaing*
*Na minsa'y ipinagkait sa atin*
*Ang wikang dapat ay pagyamanin.* (29)

Habang sa tulang *Himig ng Paglisan* ni Shenalyn Pascual, hahatakin naman tayong lahat bilang kaniyang mambabasa sa bangin ng pag-iisa sapagkat kaniyang ipinapaalala ang sariling limitasyon ng damdamin ng tao, kahit pa ito'y nagkukuta sa likod ng puso na madalas ay siya namang bumubulag sa katwiran dahil sa pag-ibig at pag-asa:

*Aking batid na nag-iba*
*Damdamin sa isa't isa,*
*Dahil nang tayo'y nagtagpo*
*Ay siya namang paglayo.* (30)

Ang mainam sa tulang ito ni Pascual ay naisalansan niya sa maiksing tula ang tila nihilistang tendensiya ng persona.

[1] Kasalukuyang presidente ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges. Apo ni Dr. Manuel V. Gallego.

Ang mga bagay at karanasang nawawala sa isang tao, halimbawa ang utak na kinakain ng telepono, ang wika na kailangang pagyamanin, at ang damdamin na naglaho ay ilan lamang sa mga epekto ng gahum na bunga ng glokalisasyon. Inilalagay ng penomenong ito ang tao sa *inferior* na panlipunang posisyon at malinaw itong nailahad ng tulang *Pag-abot ng Pangarap* ni Briana S. Tabora:

*Ako ay isang estudyante*
*Na may pangarap kaya't anong pagsisikap*
*At araw-araw kung pumasok*
*Kahit pa maraming pagsubok.*

*Kaya't magsisikap akong lubos*
*Kahit lakas ko ay maubos;*
*Mananatili akong matatag*
*Kahit ulam namin ay di masarap*
*Maging sa kabilang bahay, ito ay nalalanghap.* (21)

Ang tugon ng persona sa pang-araw-araw na pasubok ay pagsisikap, bagay na karaniwan at hindi na bago para sa isang komunidad na malaon nang biktima ng malapiyudal na kalagayang panlipunan. Sosyo-ekonomiko ang *inferiority* na estado ng persona sa tula ni Tabora. Ang "pagsisikap" at pananatiling "matatag," gaya ng maraming mahihirap, ang natitirang paraan para mapanatili ang alab ng kanilang puso.

Ang mga tulang gaya nito, sa kabilang banda ay lumikha ng/sa isang klase ng persona na direktang kumokontra sa hegemonikal na pananaw at pang-unawa hinggil sa mga bata bilang mahina at walang-kakayahan. Sa tulang *Ako ay Bata* ni Ivy Clarise G. Tique, awtentiko at epektibo niya itong nailahad:

*Ako ay bata.*
*Hindi matanda.*
*Madalas umiyak.*
*Ako ay bata.*
*Di ko naiintindihan ang mundo.*
*Bawal akong bumoto.*
*Walang boses*
*At di abot ang tainga ng batas.*
*Ako ay bata.*
*Walang kapangyarihan.*
*Di ko kayang imaneho ang sarili*
*Sa paaralan*
*O magbayad ng pagkain sa kainan.*
*Ngunit kahit ako'y bata*
*Hawak ko ang pagbabago*
*Ng aking henerasyon at mundo*
*Dahil hindi lamang kami*
*Isang bata*
*Na inyong inaakala.* (25)

Sa tulang ito, umangat ang tinatawag na antas ng poetika ng makata mula ekonomiko patungong politikal sapagkat may usapin nang kapangyarihan. Hindi lamang ginamit ang mga salitang *bata*, *matanda, mundo, boto, batas, paaralan,* at *magbayad* na nasa *neutral* na antas kundi upang makalikha ng isang lohikal na proposisyon sapagkat, ayon kay Wittgenstein, ang lahat ng mga pangungusap sa lohika ay pangkalahatang pinaikli ng mga tautolohiya at lahat ng pangkalahatang pinaikli ng mga tautolohiya ay pangkalahatang pinaikli ng lohika. Wala nang ibang lohikal na mga pangungusap (1953).

Kung gayon, likas bang matampuhin ang mga bata sa mundo o sa kanilang komunidad gaya ng Barangay Talipapa? *We were all children once and our childhood experiences vary depending on our family orientation, social status, dialects, linguistic communities, and diverse cultural backgrounds among others. But all of these boil down to one thing, innocence, and purity*. (Alfonso 15) Ang komentaryong ito ay mahalaga sapagkat sa pamamagitan ng tula, na bunga marahil ng pagiging inosente at pagkakaroon ng kadalisayan ng mga bata, ang mga bagay at pangyayaring mailap maitala sa pang-araw-araw na interaksiyon sa loob ng silid-aralan dahil na rin sa kapangyarihang namamagitan sa mag-aaral at kaniyang guro, ay umigpaw na mula sa antas ng pagiging literal. Ang personal na pagsusumikap ay politikal na interpretasyon ng karanasan na pundasyong siyang lumilikha ng bagong kahulugan na nagpapabago sa mga paniniwala at asal.

Kung gayon, hindi *fixed* ang kumbensiyon ng pagtuturo, pagkatuto, at paglikha. Maaari din itong magbago o mabago dahil sa pag-iral ng mga puwersa sa loob at labas ng unibersal at partikular na espasyo at panahon.

## UGNAYAN NG LOOB AT LABAS

Sa kabilang dako, ang *dialectical* na ugnayan sa labas ang nagtatakda ng halaga sa/ng antas lokalidad at pambansa. Mainam kaya ito? Maaaring mainam sapagkat nabubuo ang isang identidad. Pero maaaring maglaho ito, gaya rin sa politika, dahil sa *hybridity* na dulot ng glokalisasyon. Ang paghahalong ito ay tinatamaan ang lipunan, kalusugan, kalikasan, hayop, pamilya, pagpapakatao, wika, prutas, sarili, bagay, at pangyayari. Pagkaklasipika ang tawag dito. Iginugrupo ang bawat tema para malikha ang partikular at unibersal na kahulugan. Ibig sabihin, dahil sa metodong ito, nagiging buo ang Barangay Talipapa mula sa pananaw at lente ng unang panauhan kung saan binibigyan ng tula na magsalita ang mga persona. Nabubuo pansamantala ang isang identidad, halimbawa ng Barangay Talipapa, dahil sa pamamagitan ng tula at mga imahen ay nakakapagsalita at naookupa ng kanilang panitikan at sining ang espasyo na labas na sa kanilang organikong lunan. Hindi lamang sila sumusunod sa padron ng mga nasa labas kundi ipinapakilala nila ang mga eksistensiyal at esensiyal na katangian at lohika ng kanilang pag-iral gaya ng/sa simbayotikong relasyon ng tao sa hangin, hangin sa tubig, tubig sa bangka, bangka sa hangin, at hangin sa tao.

Ang simbayotikong ugnayan ay epektibong naipakita ni Nikhole Reyes Bernardino sa tula niyang *Ang Krayola*:

*Krayola ay ating gamitin sa ating mga likha,*
*gawin nating makulay mundong sa ati'y ipinagkatiwala;*
*sining ng buhay ay pintahan ng magagandang halimbawa,*
*buhay ay magiging makabuluhan sa paggamit ng krayola.* (34)

Sa tula ni Bernardino, mistulang may sariling buhay, isip, at pagpapasya ang krayola na siyang makakatuwang ng persona sa tula sa paghabi ng isang makabuluhang buhay. Ang simbayotikong ugnayan ng persona sa krayola, sa kabilang banda ay may kapangyarihang gawing makulay ang mundo na para bang *antithesis* ito ng tulang *Himig ng Paglisan* ni Pascual.

Sa *Labintatlong Haiku* ni Dr. Ruth C. Alfonso, maliban sa ipinook niya sa kalagayang Filipino ang banyagang anyo ng pagtulang Hapon na may sukat na 5-7-5, lumilikha ng isang anyo ng malikhaing diskurso ang numerong labintatlo. Kung sisipatin ang pagkakasalansan ng mga pamagat na *Tag-araw, Hikab, Nanay, Himpil, Langgam, Tsinelas, Singhal, Sinulid, Bundok, Palengke, Bahay, Tampisaw,* at *Damo* ay lumilikha ng isang *subliminal* na imahen na kayang tumagos sa literal na antas tungong metapisikal. Dumadapo sa empirikal na antas ang mga imahen ng pananabik, pag-asa, at pagdurusa na binubuo pa ng dalawa hanggang tatlong antas ng pananalinghaga sa kahulugan gamit ang pinagsanib na anyo ng katutubong re-presentasyon at dayuhang sukat, porma, at rima. Sa puntong ito, matingkad ang *unity* sa banyagang anyo ng tula, ang *haiku*, na nagresulta sa tinatawag na *hybridity*. Kaya, nagbabagong-bihis din ang pagpopook at pagpapakahulugan na ginawa ni Dr. Alfonso. Pansinin ang tulang *Tag-araw*:

*Tuyong dayami*
*Malutong at mayumi-*
*Araw ng galak.* (45)

Sa pag-iisang ito ng loob at labas, halimbawa ng Talipapa at bansang Hapon sa kaso ng *Labintatlong Haiku* ni Dr. Alfonso, kolektibong hinawan at hinahawan ang landas tungong mas mataas na anyo at porma ng malikhaing pagsulat na sa dulo'y hindi rin naman sila pupuwedeng magsama sapagkat ang magkatunggaling bahagi ay nakatadhanang gumuho ang isa. Nilamon ng lokalisasyon ang tulang *haiku*, nagkaroon ito ng lokal na lasa, dalawang panahon (tag-ulan at tag-araw) at mga imahen dahilan para maglaho ang partikular na batas sa pagsulat ng *haiku*, ang pangangailangang dapat nagtataglay lamang ito ng *Japanese four seasons* maliban sa sukat na 5-7-5 ng makatang si Basho. Pansinin ang tulang *Tsinelas*:

*Sa'n ka pupunta*
*Kapares na nawala*
*Ay, direksyong gala!* (45)

Kung gayon, mainam na nagsalita ang mga bata hinggil sa kanilang sarili at sa paraang kolektibo nila ginampanan ang gawain sa pagsasalita at pagpapahayag ng kanilang pinag-isang danas. Ang pagpasok ng mga tagalabas o *Outsider* sa proseso ng palihan ay upang hindi mabigo ang mapagpalayang pedagohiya. Isa rin itong paglayo sa estriktong pananalig sa puristang katangian ng isang kultura, ng kultura ng Talipapa halimbawa. Hamon kung gayon sa lahat na manunulat na maaaring magsulat ang lahat bilang mga tagalabas nga lamang at dapat tiyaking may kakayahan ang katutubong kapangyarihan na lumitaw na hindi naisasakripisyo ang kaniyang kaakuhan. Pero, kung ibabatay sa mga karanasan ng mga nasa laylayan ng lipunan, hindi sasapat ang pagiging personal, matapat, simpatetiko, at kaalamang humanistiko (na madalas ay nagtataguyod pa ng asimilasyong nakasunod pa rin sa padron ng namamayaning gahum) sa malikhaing pagsulat. Ito ay dapat laging mga pagtatangka sa re- presentasyon at representasyon. Kitang-kita ito sa tulang *Batang Munti* ni Rhea Mae Tayao:

*Isang batang munti*
*Pangarap niya ay sari-sari*
*Pagmamahal sa kaniyang magulang,*
*Ay ginagawa palagi.*

*Munting bata, sa iyong paglaki*
*Nawa'y matutuhan mo ang wastong pag-uugali*
*Upang makamtan mo ang mga pangarap*
*Na iyong minimithi.* (32)

## LAGOM: SILIP SA GUWANG AT BUNGA

Ginagayak at igagayak pa tayo ng librong *Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà* sa isang anyo ng pagsipat na paibabaw (*surface criticism*) patungong pagsisiyasat sa kailaliman (*in-depth criticism*). Itinambad, sa kabilang banda, ng pagbasa ang simbayotisismo, salungatan, at hindi pangkaraniwang kaisahan ng loob at labas. Sa ganang ito, ang salungatang ito'y nagresulta sa tinatawag na *hybridity* na siyang bunga ng pagkakaisa ng magkatunggali. Batayang batas ito ng lipunan. Ang simbayotikong siklo ay epektibong naipakita sa ganitong pormula: tao at lipunan, lipunan at tao. Nagawa ng palihan na buksan ang isang bagong mundo para sa lahat ng mga nagsipaglahok, mundong sila rin ang lilikha at kanila sapagkat natutuhan nilang ipook at bigyan ng kahulugan ang kanilang pinagsanib na mga diwa at praktika.

Kapansin-pansin din ang malaking pintuang nagbukas para sa mga mag-aaral ng Talipapa *Elementary School* pagkaraang maisapubliko ang naging bunga ng kauna-unahang malikhaing palihan sa kanilang lugar. Naimbitahan sila sa programang DepEd *Hour* ng SDO Cabanatuan City para isang espesyal na panayam noong Hunyo 6 ng taong kasalukuyan. Naging laman din sila ng balita sa loob ng Siyudad ng Cabanatuan hanggang sa DepEd *Region* 3 sa Pampanga, kung baga'y lumikha

ng ingay ang ilaya. Sa bahagi naman ng MVGFC bilang siyang nagdala ng pagkakataong malinang ang mga batang manunulat, makata, at dibuhista ng lugar ay muli nitong napatunayang may kakayahan itong palakasin ang mga komunidad na nasa ilalim ng kaniyang *extension work*. Dahil dito, makailang-ulit silang ginawaran ng pagkilala ng SDO Cabanatuan City dahil sa hindi matatawarang dedikasyon sa pagbibigay ng kaalaman at kasanayang kapaki-pakinabang sa pag-unlad ng indibidwal at pamayanan. Bilang dagdag na resulta, opisyal na nilagdaan ng MVGFC at DepEd-SDO Cabanatuan City ang isang *Memorandum of Agreement* kung saan layunin ng nasabing kasunduan na ipatupad sa 57 Mababang Paaralan ang isang palihan na siyang magiging daan para makalikha rin sila ng kani-kaniyang antolohiya ng mga tulang pambata. Ito ay sa unang taon. Sa ikalawang taon naman ay sa 14 na hayskul.

Panghuli, ito ang epektibong bisa ng lapat sa lupang interbensiyon sa komunidad. Nahuhulma ang dapat ihulma at nalilikha ang dapat ilikha lagpas sa unang akalang hangganan ng posibilidad at imposibilidad. Kung ano't anuman, sa talabang ito ng pagkakaroon ng bisa, ang laging panukatan ng pagiging epektibo ay ang makabuluhang epekto sa buhay ng mga batang unang inakala bilang mga bata lamang. Hindi kalabisan kung ating sasabihin na sampu hanggang dalawampung taon mula ngayon ay magmumula sa Barangay Talipapa ang bagong bulto ng mga manunulat at makata, wika nga'y huwag manalig lagi sa limitasyon sapagkat ang limitasyon ng lengguwahe ang siyang limitasyon ng iyong mundo.

## MGA SANGGUNIAN


Alfonso, Ruth C. "Foreword." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 13.

_____________. "Labintatlong Haiku." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 32.

Bernandino, Nikhole R. "Ang Krayola." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 34.

Cruz, Ronalyn. "Wika." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 29.

De Guzman, Julie D. "Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata." *Edukasyon Central Luzon,* DepEd Hour, 2023, https://www.facebook.com/watch/?ref=search&v=960073221782369&external_log_id=8f20b6cc-80ae-4c6e-874c86adbbbb17f1&q=talipapa%3A%20antolohiya%20ng%20mga%20tulang%20pambata

De Guzman, Mary Luna T. "Dahilan ng Pagpupuyat." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 21.

Evasco, Eugene Y. "Pag-aakda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetitka sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman*, 2011, pp. 105-144.

Gallego, Joseph L. "Pagbati at Mensahe." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 8.

Pascual, Shenalyn. "Himig ng Paglisan." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 30.

Saint-Exupér, Antoine. *The Little Prince*. Penguin Classics. 1943.

Tabora, Briana S. "Pag-abot sa Pangarap." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 21.

Tayao, Rhea. "Batang Munti." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 32.

Tique, Ivy Clarisse G. "Ako ay Bata." T*alipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata,* 2023, pp. 25.

Wittgenstein, L. *Tractatus Logico-Philosophicus*. 3rd edition. Routledge, 2001.



Full-time na guro ng Agham Panlipunan, Filipino, Malikhaing Pagsulat, at Panitikan sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges si **R.B. ABIVA**. Awtor ng labing-apat na libro (14) ng mga tula, maikling kuwento, dagli, at nobela. Nalathala na ang mga akdang pampanitikan sa Diliman Review, Liwayway, Bannawag, Agos, at marami pang iba. Nagtapos ng kolehiyo sa PUP at kasalukuyang tinatapos ang kanyang tesis sa MA-Malikhaing Pagsulat sa Paaralang Gradwado ng Kolehiyo ng Arte at Literature sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Tumanggap ng fellowships: Palihang Rogelio Sicat, 2018; Cordillera Creative Writers Workshop, 2018; Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop, 2019; UP National Writers Workshop, 2019; Palihang Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo, 2021; at Luntiang Palihan, 2022. Hinirang ng GUMIL-Filipinas, Bannawag Magazine, at NCCA bilang Pasnaan 9 Most Outstanding Fellow. Nakasungkit na rin ng karangalan mula sa Saniata Prize, LIRA Prize, British Embassy-Manila, Kagawaran ng Edukasyon, Office of the Vice-Chancellor ng UP Diliman, at marami pang iba. Ginawaran ng Distinguished Service Medal Award ng Order of the Knights of Rizal (OKOR) ng Pinakamataas na Konseho ng kapatirang maka-Rizal dahil sa kanyang aktibong pagtataguyod ng panitikan sa lalawigan ng Nueva Ecija. Siya ang nagtatag ng Samahang Lazaro Francisco (SLF) at aktibong kasapi ng Philippine PEN, LIRA, Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas (UMPIL), Gumil-Filipinas, Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, Kataga, Order of the Knights of Rizal, at Nueva Ecija Odd Fellows Lodge No. 38.